



PATNUBAY SA MISA



13 Nobyembre 2016

Ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong K

Panahon ng mga Pagsubok – Panahon ng Pagpapatotoo kay Kristo

*Ngayong palapit na ang katapusan ng Taon ng Simbahan, inaanyayahan tayo ng liturhiyang magnilay sa isang mahalagang pangyayaring tiyak na magaganap, ngunit Diyos lamang ang nakaaalam kung kailan: ang katapusan ng mundo. Layunin ng paanyayang pagnilayan ang gayong pangyayari hindi para tayo takutin, kundi para akayin tayo sa tamang pagpili ngayon. Anupa't mamuhay tayo sa paraang mahaharap natin ang gayong sandali nang buong **pananalig** at **pag-asa** na ang ating magiging hukom ay ang Panginoong pinagsisikapan nating paglingkurang mahusay ngayon.*

Sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon, ipanalangin natin ang biyayang tayo'y mamuhay na laging nasa harap ng Panginoon. Mabuti nawa Niya tayong matagpuan sa ano mang oras na naisin Niyang tayo'y sunduin.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sinabi ng Poong banal, "Pag-asa't kapayapaan ang nais kong inyong kamtan. Kayo'y aking pakikinggan at bibigyang-kalayaan."

Pagbati

P– Pagpalain ang Panginoon, ang Araw ng Katarungan na nagpapalaganap ng Kanyang sinag na nakagagaling. Ang Kanyang kapayapaan at pagmamahal ay sumainyong lahat.

B– **At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P– Sa paghahanda para sa pag-salubong sa Panginoon sa Eukaristiyang ito, huwag tayong matakot, kundi manalig at tapat na magsisi sa ating mga kasalanan. *(Manahimik sandali.)*

P– Panginoon, lagi mo kaming

binibigyan ng pagkakataong mamuhay nang lalong mabuti, ngunit malimit kaming nakasasakit sa aming kapwa at sa iyo. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Panginoon, nais mong magtamo kami ng aming makakain sa pamamagitan ng tapat na paggawa, ngunit malimit namin itong isinasagawa sa pandaraya o pagsasamantala sa aming kapwa. Kristo, kaawaan mo kami!

B– **Kristo, kaawaan mo kami!**

P– Panginoon, tinuruan mo kaming manalig sa iyo sa harap ng mga pahirap, ngunit malimit naming pinipili ang pagkukunwari. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– **Amen!**

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong lagi naming ikaligayang ikaw ay paglingkuran sapagkat walang maliw at walang kahulilip ang kasiyahan kapag sumasamba kami sa iyong kapangyarihang nagpapairal sa tanang sanlibutan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Mal 3:19-20*
Ipinaaalaala sa atin ng propetang si Malakias na ang “Araw ng Panginoon” ay magiging araw ng katarungan: parurusahan ang masasama at gagantimpalaan ang mga tapat.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Malakias

“Tandaan ninyo, darating ang araw na lilipulin ko ang mga palalo at masasama. Sa araw na yaon, matutupok silang gaya ng dayami at walang matitira sa kanila,” sabi ng Panginoon.

“Ngunit kayo na sumusunod sa akin ay ililigtas ko at pagagalilingin ng aking kapangyarihan na lulukob sa inyo, gaya ng sinag ng araw.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 97*

B—*Poong Hukom ay darating, taglay katarungan natin!*

R. M. Velez



Po-ong Hukom ay da-ra-ting, tag-



lay ka-ta-ru-ngan na-tin!

* Sa saliw ng mga lira iparinig yang tugtog, ang Panginoon’y purihin ng tugtuging maalindog. Tugtugin din ang trumpeta na kasaliw ang tambuli, magbunyi tayo sa harap ng Panginoon s’yang Hari. *B*.

* Umingay ka, karagatan, at lahat ng lumalangoy, umawit ang daigdi-

gan at lahat ng naroroon. Umugong sa palakpakan pati yaong kalaliman; umawit ding nagagalak ang lahat ng kabundukan. *B*.

* Sa harap ng Panginoon masaya tayong umawit, pagkat siya’y dumaring maghahari sa daigdig. *B*.

* Panginoon’y s’yang huhukom, tanan sa kanya’y lalapit, taglay niya’y katarungan at paghatol na matuwid. *B*.

Ikalawang Pagbasa *2 Tes 3:7-*

12

Di ngayo’t hinihintay natin ang pagdating ng Panginoon, maaari na nating pabayaang ating mga pang-araw-araw na tungkulin. Bagkus, ang kabaligtaran ay siyang ipinaaalaala sa atin ni San Pablo.

L—Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Alam naman ninyo na dapat ninyong tularan ang aming ginawa. Hindi kami nahiyang magtrabaho nang kami’y nariyan pa. Hindi kami tumanggap ng ano mang bagay kaninuman nang hindi namin binabayaran. Nagpagal kami araw-gabi upang hindi maging pasanin ng sinuman sa inyo. Ginawa namin ito hindi dahil sa wala kaming karapatang maghintay ng inyong tulong kundi upang kayo’y bigyan ng halimbawang dapat sundan.

Nang kasama pa ninyo kami, ito ang tagubilin ibinigay namin sa inyo: “Huwag ninyong pakanin ang sinumang ayaw gumawa.”

Binanggit namin ito sapagkat nabalitaan naming may ilan sa inyo na ayaw magtrabaho at walang inaaturap kundi manghimasok sa buhay ng may buhay. Sa pangalan ng Panginoon Hesukristo, mahigpit naming ipinagtatagubilin sa mga taong ito na sila’y maghanapbuhay at mamuhay nang maayos.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

Lu 21:28

B—Aleluya! Aleluya!

Naririto, malapit na ang kaligtasang pag-asa upang ating matamasa.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 21:5-19*

Pinaaalalahanan tayo ngayon ng Panginoon Hesús na

di natin dapat ipag-alala kung kailan matatapos ang mundo, kundi kung paano natin siya dapat tanggapin. Sa pananam-palataya lamang sa kanya at katapatan sa kanyang kautusang pagmamahalan magtatamo tayo ng kaligtasan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, pinag-uusapan ng ilan sa mga tao ang templo – ang kahanga-hangang mga bato na ginamit dito at ang mga palamuti nito na inihandog ng mga tao. Kaya’t sinabi ni Hesús, “Darating ang panahong lahat ng nakikita ninyong iyan ay iguguhó, walang batong ititira sa ibabaw ng kapwa bato.”

Tinanong nila si Hesús, “Guro, kailan po ito mangyayari? At ano ang magiging palatandaan na ito’y magaganap na?” Sumagot siya, “Mag-ingat kayo at nang hindi mailigaw ninuman! Sapagkat marami ang darating sa aking pangalan na magsasabi, ‘Ako ang Mesiyas!’ at, ‘Dumating na ang panahon!’ Huwag kayong susunod sa kanila. Huwag kayong mabagabag kung makabalita kayo ng mga digmaan at mga himagsikan. Dapat mangyari ang mga ito, ngunit hindi darating karakara ang wakas.” At sinabi pa niya, “Makikipagdigma ang bansa laban sa kapwa bansa at ang kaharian sa kapwa kaharian. Magkakaroon ng malalakas na lindol, magkakagutom at magkakasalot sa iba’t ibang dako. May lilitaw na mga kakila-kilabot na bagay at mga kagila-gilalas na tanda buhat sa langit.

Ngunit bago mangyari ang lahat ng ito, darakpin kayo’t uusigin. Kayo’y dadalhin sa mga sinagoga upang litisin at ipabilanggo. At dahil sa akin ay iharap kayo sa mga hari at mga gobernador. Ito ang pagkakataon ninyo upang magpatotoo tungkol sa akin. Ipanatag ninyo ang inyong kalooban, huwag kayong mababalisa tungkol sa pagtatanggol sa inyong sarili; sapagkat bibigyan ko kayo ng katalinuhan at ng pananalitang hindi kayang tutulan o pabulaanan ng sinuman sa inyong mga kaaway. Ipagkakanulo kayo ng inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak, at mga kaibigan. At ipapapatay ang ilan sa inyo. Kapopootan kayo ng lahat dahil sa akin, ngunit hindi mawawala ni isang hibla ng inyong buhok. Sa inyong pagtititiis

ay tatamuhin ninyo ang buhay na walang hanggan.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Sa pagtatapos ng taong liturhiko habang tayo’y namumuhay sa masalimuot nating mundo, idulog natin sa Panginoon ang ating mga kahilingan para sa lahat nating mga mahal sa buhay. Tugon natin ay:

B – Panginoon, pangalagaan Mo kami!

* Para sa Simbahang Panlahat, na ating Ina at Guro: Nawa siya’y maging tanda ng pag-asa’t pagkaka-isa para sa lahat ng bansa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at kura paroko: Nawa patnubayan nila ang bayan ng Diyos sa kanilang pagiging inspirasyon sa kanilang kabanalan, karunungan, at lakas ng loob. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga pinuno nating pambayan at pampamahalaan:

Paghandaan nawa nila ang araw ng pagtutuos sa pamamagitan ng paglilingkod nang buong katapatan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga biktima ng terorismo sa lahat ng panig ng mundo: Nawa tanggapin sila ng Panginoon sa Kanyang kapayapaan at pagkalooban ng kasiyahan at lakas ang kanilang mga mahal sa buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating pamayanan, lalo na sa mga may mahirap na pinagdadaan: Nawa, sa ating pakikiisa, matagpuan nila ang tulong at kaghinawaang hanap nila. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumahimik sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Diyos, payapain Mo ang aming mga puso. Pagkalooban Mo kami ng biyayang maging laging handang tumanggap sa Iyo sa pamamagitan ng tapat at malugod na pagtupad sa aming mga tungkulin. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ipagkaloob mo ang iyong masintahing pagtingin sa aming mga alay upang ang kagandahang-loob mo ay aming makamtan at ang bunga ng walang hanggang pag-iral ay aming mapakinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo IV

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming

maaasahan upang may mangu-nang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtititiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya’t siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinaggala ang naparirito sa nagan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai’t inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya’y dumating.

PAKIKINABANG



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Sa sarili’y hangarin ko sa piling ng D’yos madako, at panatag ngang totoo ang aking pag-asang ito na siya’y di maglililo.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, sa pinagsaluhan naming banal na pakikinabang ang amin nawang pag-ibig ay lalong madagdagan ng ginawa namin sa pag-alala sa

Anak mong mahal na nag-utos ipagdiwang ang Huling Hapunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanala-

ngin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Pagkaloobang lagi kayo ng Diyos ng lahat ng kasiyahan at kapayapaan.

B – Amen!

P –Iadya nawa Niya kayo sa lahat ng bagabag at pasiglahin kayo ng Kanyang pagmamahal.

B – Amen!

P –Puspusin Niya nawa kayo ng Kanyang kaloob na pana-

nampalataya, pag-asa, at pagmamahal upang magtamo kayo ng buhay na walang hanggan.

B – Amen!

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

Ang Araw ng Pagpaparusa at Pag-asa

Ang Jerusalem ay matimbang sa puso ng lahat ng mga Taong Hinirang. At sa buong lunsod, ang pinakamamahal nila ay ang Templo. Ito ang ipinagmamalaki nilang lahat; ang bukal ng inspirasyon ng kabataan; ang pinakabanal na lugar kung saan nakadarama ang bawat debotong Judio ng natatanging presensiya at kalinga ng Diyos.

Sa maraming henerasyon, ang Templo ay siya nilang bukal ng kaligtasan at pag-asa, pagkat ang Panginoon – sa kanilang paniwala – ay di magpapabayang masira ang Kanyang Tahanan. Nang magpahayag si Jeremias ng salungat dito, siya'y pinaratangan ng kataksilan at kalapastanganan (*sangguniin Jer 7:3-15; 26:2-11*), ngunit siya'y pinatotohanan ng kasaysayan: ang buong Jerusalem, pati na ang Templo, ay bumagsak nga. (*Sangguniin 2 Ha 25:9.*)

Ang bayang Juda ay nanalig sa buhay at kabanal-banalang Diyos, sa halip ng sa mga gusali, gaano man ito kaganda at kabanal. Naunawaan nilang ang mahalaga sa mata ng Diyos ay ang “kalooban” ng tao – kung ano ang kanyang pinipili at kung ano ang kanyang tinatanggihan, kung ano ang kanyang pinahalalagahan at kung ano ang kanyang isinusumpa.

Ngunit di nagtagal at nalimot din nila ito. Nabulag sila ng kanilang pagmamataas. Kaya nga, di nila namalayan ang oras ng pagdating ng Panginoon. Tinanggihan nila ang Mesiyas ng Diyos – ang malaking pagkakasala, na parurusahan ng ganap na pagkawasak ng buong Jerusalem at ng Templo nito. Nakikinita na ito ni Hesus nang buong kalungkutan. Tinangisan niya ang Banal na Lunsod. (*Sangguniin Lu 19:41.*) Tumangis siya para sa

lahat ng di nagpahalaga sa Kaharian ng Diyos.

Iyon lamang mga nagpapahalaga sa Diyos at sa Kanyang kalooban ang makaaasa sa Kanyang pagtatanggol. Sila ang Kanyang buhay na Templo. Wala silang aabuting pangmatagalang kapahamakan pagkat sila ay sa Kanya at Siya'y sa kanila.

Kahit na bumagsak ang Jerusalem, na pinakatangitangi nilang banal sa lupa, buo pa rin ang kanilang kalooban sa pagkakaroon pa rin ng higit na magandang Jerusalem na naghihintay sa kanila sa langit. Para roon sila.

Maaaring pag-usigin sa iba't ibang paraan ang mga tapat kay Kristo. Kung sila ay nagsisikap lamang na maging tapat, hindi sila pababayaan ng Panginoon. *Walang mawawala sa kanila*, kahit na sila'y mamatay. Maaaring magwakas ang mundo (at nagwawakas nga ito para sa milyun-milyong tao araw-araw), ngunit para sa nagmamahal sa Diyos at sa kanilang kapwang gumagawa ng tama, ang mundo ng pagmamahal ng Diyos kailanma'y hindi magwawakas.

Gayon ang mga katotohanan at pangunahing saloobing dapat mangibabaw sa atin habang pinagninilayan natin ang lumilipas na kagandahan ng lupang ito at ang di maiiwasang katapusan ng lahat.

Ang oras ng pagtutuos ay di naman dapat katakutan. Ito'y maaari at dapat maging oras ng pananalig, pag-asa, at katuparan sa gayong pakikipagtagpo nang harapan sa Diyos, na dito sa lupa'y kilala lamang nating nalalambungan ng ating mga limitasyon at pagdurusa. Nasa atin na para baguhin ang di maiiwasang katapusan at gawin natin itong simula ng walang hanggang katuparan.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan